# *Apocalipsis, Ikalimang Kabanata Bahagi I*

Maraming salamat, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko.

2 Magandang umaga, mga kaibigan. Isang masaya sa umagang ito, na pribilehiyo, o isang malaking pribilehiyo, ang ibig kong sabihin, na makabalik sa tabernakulo uli at ang makapaglaan ng oras para sa ating umagang pagsamba at pagbubuklod sa palibot ng Salita ng Panginoon. Sa tingin ko nabanggit isang beses, "Ako'y nagalak nang sabihin nila sa amin, 'Tayo na sa bahay ng Panginoon.'" Ang makasama si Kapatid na Neville uli, at ang aking mabubuti't kalugud-lugod na mga kaibigan.

3 At sa palagay ko medyo malamig, o medyo mainit diyan sa likod. At mayroon kami, sa palagay ko, na mga pamaypay na puwede n'yong magamit na ipapaypay n'yo lang ng kamay n'yo nang *paganito*. Basta't—basta't. . .may mga pamaypay kami basta't kayo na ang bahala sa motor, kayo po mismo ang magpapaypay. O, mayroon nga tayong mangilan-ngilan sa paligid dito, sa palagay ko mayroon pa sila riyan. Nakikita ko kasi na may ilan na ginagamit ang mga songbook o ang iba pa. At siyanga't. . .isang bagay kung bakit pinagsusumikapan natin na magkaroon ng mga gawain, ay para makaiwas sa mga dako na—na sa hinaharap ay mainit. Kaya tayo'y. . .Yan po ang dahilan kaya't nandito tayo sa umagang ito, para iwasan ang mga lugar na 'yan. At nag-iisang bagay lang ang makakagawa n'yan, 'yun ang Dugo ng ating Panginoong Jesus Cristo na makakagawa n'yan.

4 At ako'y nagagalak nang lubos na mabalitaan ang mabuting ulat ng iglesya, kung papaanong sumusulong ito, nagpapatuloy sa Panginoon, at kung papaanong ang Diyos ay nakikipag-ugnayan sa inyo sa espirituwal na mga kaloob. At ako'y tunay na lubos ang pasasalamat sa Diyos dahil sa tapat n'yong mga puso na magagawa Niyang makipag-ugnay, at umaasa ako na Kanyang pananatilihin kayo sa gitna ng tuwid at makipot na Daan, na hindi kayo lilihis pakanan o pakaliwa man mula Rito.

5 At nais kong pasalamatan si Kapatid na Colvin at ang kanyang anak na babae, sa tingin ko po, na nandito kanina't umawit nung awitin na, *There's No Tears In Heaven*. Ang ganda po nun. Tunay na ikinagagalak ko 'yun.

6 At gaya ng sinabi ni Kapatid na Neville tungkol sa kanya't ako ilang taon na ang nakararaan, haya't masasabi ko 'yan kay Kapatid na Colvin, na magkakilala na kami sa isa't isa nang

ilang taon na rin. At ang mapakinggan siya na umaawit nung lumang mga pang-Ebangleyong awitin at dinadala ang kanyang mga anak sa daan ng Panginoon, talagang pinagagalak nun ang puso ko. Binubunsod ako na magbunyi na malaman na ang Diyos ay may mga tao na umiibig sa Kanya at nagpapahalaga sa Kanya. At tayo'y nagpapasalamat nang lubos dahil diyan.

7 Ngayon, mula nang bumalik ako, nabalitaan ko na marami ang nabautismuhan tungo sa Pananampalataya, at ikinagagalak natin 'yan nang lubos. Nakikita ko ang matalik kong kaibigan, si Kapatid na Elmer Gabehart diyan sa likod. Nauunawaan ko na siya'y kababautismo pa lang sa Pananampalataya, at tunay ko ngang ikinagagalak 'yan. Ibig sabihin n'yan handa na mismo ang lahat sa dati nating grupo ng pangangaso sa Kentucky, na hanggang sa itinakdang bilang lang ng ipapangaso ang kukunin, di po ba?

8 Naalala ko (At alam ko na nakikinig sa akin si Rodney diyan sa likod na silid, kung nandiyan na siya sa likod, at si Charlie na nakaupo rito sa harap ko.) noong dati tayong nagpupunta roon. Gustung-gusto nga ng mga kalalakihan na, "Buweno, mga squirrel lang naman," mangangaso sila ng ilan pang dagdag basta't makahanap pa sila. At kinakausap ko sila na hindi 'yun tama. Hayan nga na ngayon sila'y . . . ang buong grupo na 'yun ay napagbagong-loob na kaya sa palagay ko lilipat kami sa kasunod na bayan at itutuwid sila roon. Mainam nga 'yan.

9 Mangyari po na kung minsan tumitingin ako, gaya ng bawat ministro, tumitingin sa daan na inyong tinahak, at pinagbubulay ang—ang mga bagay, na kung—kung nahasik mo ba talaga ang Binhi.

10 Kayo . . . marami sa inyo ang kilalang-kilala si Johnny Appleseed sa . . . ng Amerika. Haya't, mayroon ding isang—isang lalaki sa Sweden na itinuturing ding parang ganoon, naghahasik siya ng mga bulaklak. At sinasabi nila na 'yun daw ang dahilan kung bakit napakarami nilang maririkit na mga bulaklak sa Sweden ngayon, at dahil daw naghasik sila roon ng mga binhi ng bulaklak, saanmang dako na mahahanap niya na kapirasong lupain ang mga binhi'y tumutubo. Mahilig siya sa mga bulaklak kaya kanyang kinakalat ang mga binhi kahit saanman. Yumao na siya ngayon pero 'yung mga bulaklak niya ay nabubuhay pa rin.

> At dahil sa kanilang paglisan sa atin ay iniwan
> Ang kanilang pinagbakasan sa panahong
> buhanginan;
>
> Mga bakas ng paa, na muli na namang ang iba,
> Na ating kasamaha'y sumalimbay sa maringal
> na karagatan ng buhay,

Mga namamanglaw at lumubog nating kapatiran,
Na pagkakita, muling mabubuhay ang pag-asa.

11 At 'yan ang bagay na lahat tayo'y nais nating makita, na may bagay tayong ginampanan na magbubunsod sa iba na—na makinabang sa bagay na ginampanan natin.

12 Mga ilang araw ang nakakaraan nakaupo ako, kausap ko ang tapat kong munting kaibigan dito sa siyudad, isang medikal na doktor, si Sam Adair. At sabi niya, "Kumusta ka, Bill?"

13 Tapos sabi ko, "Oh, mainam naman, sa palagay ko, Dok." Sabi ko; "Kayo naman po?"

14 Tapos sabi niya, "Oh, ang daming pasyente." Sabi, "May labinlimang pagsusuri ako nito lang hapon."

15 Sabi ko, "Buweno, mainam naman 'yan basta't pagsusuri lang at walang makitang suliranin." Sabi ko, "Alam mo, 'yung . . . " Nag-usap kami tungkol sa noong mga bata pa kami. Tapos sabi ko, "Buweno, Dok, hindi ko alam kung gaanong kahaba pa ang itatagal ko. Kapwa tayo nasa singkuwenta na."

Tapos sabi niya, "Totoo 'yan, Bill."

16 Tapos sabi ko, "Pero sa lahat ng mga nagdaang taon na ito, halos tatlumpu't isang taon na sa pagmiministeryo, inihanda ko na ang puso ko para sa oras na Siya'y darating. Kaya hindi na mahalaga kung kailan Siya darating."

Tapos ang sabi niya, "Totoo 'yan."

Sabi ko, "Ang pinaka malaking kagalakan ko ay ang mabuhay para sa iba."

17 Tapos sabi niya, "Yan mismo ang buhay, ang nagpapaging tunay ng buhay, ay kapag iyong . . . hindi 'yung bagay na magagawa mo o maaabot mo para sa sarili mo, pero kung ano ang magagawa mo para sa iba."

18 Kita n'yo, sa ganyan nga kayo tunay na nabubuhay. At kung mayroon man sa atin na hindi pa 'yan nagagawa, na nagsisikap mabuhay para sa iba, subukan n'yo po, at makikita n'yo kung gaanong mas higit ang bigay ng buhay para sa inyo kapag hindi kayo nabubuhay para sa kung anong makukuha n'yo para sa sarili n'yo mula sa buhay bagkus kung ano ang maibibigay n'yo sa iba mula sa buhay. At masusumpungan n'yo na ito'y mas pinagpala kaysa sa mga kayamanan o anupamang ibang bagay na . . . na maiisip. Yan 'yung bagay na magagawa n'yo para sa ibang tao para ang mga pasanin ng buhay . . . Haya't, ang buhay mismo'y isang pasanin. At mapapagaan ito nang kaunti para sa ibang tao. Hindi n'yo malalaman kung gaano ang kagalakan dito hangga't masubukan n'yo minsan, na gumawa para sa ibang tao.

19 At mangyari nga na ibinubunsod ako n'yan na bulayin ang tatlumpu't isang taon (malapit na po) ng pagmiministeryo para sa Panginoon. At sa palagay ko bawat tao'y naiisip minsan 'yung oras na huling dalo na niya ng gawain at kapag sasapit na siya sa huling oras niya, at magbabalik-tanaw sa daan at titingnan 'yung mga bagay na nagawa niya, titingnan kung ano ang mga naganap na, "May bagay ka ba na nagawa?" At kung . . . Gaya ng nasabi ko, 'yung bagay na ginawa n'yo para sa iba ang mahalaga.

20 Malimit kong bulayin kung ano kaya kapag sumapit na ako sa dulo ng aking landas, na hindi natin alam kung kailan 'yun, wala sa ating may alam. Kaya iniisip ko na magbalik-tanaw sa daan na dinaanan ko sa buhay at tingnan 'yung iba't ibang burol at mga dawagan at mga batuhan at matitigas na dako't patag na mga takbuhin, at kung ano ang ginawa ko sa ganoong mga panahon. Lahat ng 'yun ay lilitaw isa sa mga araw na ito sa oras na ako'y yayao na. At 'yun ang mangyayari sa bawat isa sa atin. Lahat tayo'y nakakasigurado diyan, na ito'y—ito'y lilitaw sa bawat isa kapag dumating na ang panahong 'yun.

21 At kaya nagbubunsod 'yan sa akin o may pangunguna sa akin na sabihin ang isang bagay na mas gustuhin kong iwasan kaysa sa sabihin. May pangunguna sa akin na sabihin ang isang bagay na ako . . . Dinudurog nito ang puso ko sa kaibuturan na sabihin ito, pero ang bagay po na sasabihin ko ay napupuwersa akong sabihin, yamang napagtatanto ko na ito ay tineteyp at mapapakinggan ito ng mundo, haya't iniwan ko ang pagmiministeryo para sa isang—isang layunin na ipinagpapaumanhin ko na dahilan ng aking paglisan. At marahil marami sa inyo ang nabalitaan na ito, na pinasasara ko ang opisina ko, at kung ano pa, at hahayo sa labas.

22 Hindi ko alam kung saan ako pangungunahan ng Panginoon, at wala po akong kontrol dito, o kung anuman ang Kanyang ipapagawa sa akin. Pero naiisip ko ang dulo ng daan na kailangan kong patunguhan. At sa tugaygay ng lakbayin ng buhay ay nakagawa ako ng maraming mga pagkakamali na pinagsisisihan ko mula sa puso ko, dahil sa, sa palagay ko, sa pagiging tao at dahil sa kahinaan at iba pa, ay nagbubunsod sa isang tao na makagawa ng mga bagay-bagay o makapagsalita ng mga bagay-bagay na . . . at umakto na hindi naman nila gustong iakto. Pero dahil sa kahinaan ng pagiging tao, hayan nga, tayo'y—tayo'y dumadaan sa ganoong mga pagkakataon. Pero may . . .

23 Kung meron mang isang bagay na nasa puso ko na gawin, ay 'yung marinig ang Mga Salitang 'yun ng Panginoong Jesus sa dulo ng lakbaying ito, na sasabihin, "Magaling, mabuti at tapat Kong lingkod." At maraming beses na nasabi ko na ito na nais kong tumayo roon sa panahon na sasabihin Niya, "Lumapit ka sa Akin"; anupa't hinahangad ko sa puso ko na marinig Ito na sasabihin, "Magaling." Hayan po na di ko narinig ang Tinig, sa

orihinal, na sinasabi, "Lumapit ka sa Akin," doon sa panahon na isinusulat ang Biblia; pero ako nga'y may pag-aasam na marinig Ito na sabihin, "Magaling."

24 At kung mayroon mang bagay na nais ko noon pa, at minimithi mismo ng puso ko, ay maging tunay na lingkod ni Jesus Cristo, na aking Panginoon at Tagapagligtas. Nais kong ang patotoo ko'y malinis, malinaw, na ako'y tumindig, na sa lahat man ng pagkakamali ko'y inibig ko Siya nang buong puso ko. At 'yan ang gagawin ko sa umagang ito nang buong puso ko.

25 At, dahil diyan, pinupuwersa ako nito na sabihin na lilisan na ako sa pagmiministeryo, na ang dahilan ay may bagay na lumitaw sa gitna ng mga tao na nagbunsod sa akin na gawin ito, 'yun po'y, ako'y inalis na sa kategorya ko bilang isang "ministro" o "kapatid" at Jesus Cristo na ang tawag, at ganoon ang tawag. . .at maituturing ako n'yan na isang anticristo. At mas kakaharapin ko ang Diyos na isang taong tumigil kaysa kakaharapin ko Siya na isang anticristo na inaagaw 'yun sa Kanya.

26 Narinig ko ito ilang—ilang taon na ang nakararaan at iniisip ko 'yun na biro lang. At may nakatagpo ako na ilang kapatiran (na wala ni isa sa kanila ang nakikita ko sa pagtitipon na ito ngayong umaga), dalawa o tatlo sa kanila roon sa isang lakad na pangingisda, at lumapit sila sa akin na ang bungad nila agad, "Kapatid na Branham, hindi ba't ikaw ang pinahirang Mesiyas, ang Cristo?"

27 At iniakbay ko ang mga bisig ko sa dalawang kapatid, o, lahat sila, tapos sabi ko, "Kapatid, yamang nagsisikap ako nang lubos na maging tunay na lingkod ni Cristo, ayaw kong sabihin n'yo ang isang bagay na gaya n'yan. At kung sasabihin man 'yan ulit ukol sa akin, kung ganoon iiwan ko ang pagmimisyon nang may malinis na konsyensya, at kayo na mga gumagawa n'yan ay may pananagutan sa bawat kaluluwa na dapat sana'y naligtas ko sa panahon na 'yan; kita n'yo, dahil sa pagpupuwersa sa akin na umalis sa pagmimisyon." At ang akala ko natapos na dun.

28 At narinig ko uli 'yun nang ilang beses pa. Pero hindi na ganoon. At noong isang araw sa Canada may isang kapatid na lalaki na may ipinakita sa akin na munting tiket na nakatago sa kanyang bulsa, ang sabi dun "Si William Branham ang ating Panginoon," nagbabautismo sa pangalan ni William Branham. Haya't ang isang munti't. . .isang kalugud-lugod. . . Kung kalaban po sana, kung isa pong lumalaban sa akin ay iisipin kong biro 'yun. Pero, isa pong kalugud-lugod, na minamahal na kapatid ang dumulog dun at nagtapat ng kanyang mga kasalanan at kanyang pagkakamali at sinasabi na ang kanyang pananalig daw sa akin noon ay bilang si Jesus Cristo.

29 At nakakatanggap ako ng mga liham sa bahay, at mga tawag mula sa Chicago at iba't ibang lugar, na tinatanong ako kung naniniwala ba ako sa dogma na 'yan.

30 At nakakatanggap ako ng lahat na ng klase ng mga liham na dumarating nitong nakaraang ilang mga araw, at mga tawag mula sa iba't ibang lugar, na, sinasabing ako si Cristo. Kapatid, kakila-kilabot 'yan, kadusta-dusta't, makasalanang kasinungalingan ng diyablo! Kita n'yo? Kita n'yo, kapatid n'yo ako. Kaya, talagang mapapalayas n'yan ang sinumang tao mula sa pagmimisyon. Maibubunsod n'yan ang kahit sino na umiibig kay Cristo na lumisan mula sa mismong bagay na 'yan.

31 Dumulog ako sa Panginoon dito di pa katagalan, noong unang marinig ko ito, mga isang taon ang nakararaan. At mangyari nga na dumulog ako sa Panginoon at Kanya akong itinuro sa Kasulatan doon sa bahagi kung saan si Juan ay lumitaw noon na nangangaral, na wala silang propeta sa lupa nang maraming taon, hanggang sa ito'y . . . lahat sila'y namangha sa puso nila, na iniisip nila na baka si Juan ang Mesiyas. Kaya hayan nga ako . . . si Juan, nagpunta sila sa kanya at tinanong siya, at sinabi niya na hindi siya. Mababasa n'yo 'yan sa Lucas sa ika-3 kabanata, ika-15 talata. At kaya naman . . . Yun po'y parang humupa, kaya hinayaan ko na lang 'yun.

32 Pero heto nga na pagdating sa ganito, batid ko na may bagay na kailangan nang gawin. At sinasabi ko ito, "Na ang mga pangitain at ang Anghel ng Panginoon na lumitaw noon sa ilog," (kung ito na ang magiging huling mensahe ko o huling bagay para sa iglesya, para sa mundo) "ang mga bagay na 'yun ay Katotohanan, maging ang Anghel ng Panginoon."

33 At nananahimik lang ako kapag tinatawag ako ng mga tao na isang propeta maraming beses, dahil ang *propeta* sa Ingles na testamento ay isa lamang "mangangaral, isang tagapagsabi ng propesiya, isang paunang tagapagsaysay ng Salita," at kung ano pa. Mapapayagan ko 'yan dahil medyo puwede mo naman 'yun ibalewala; pero pagdating sa tatawagin ka nang "Pinahirang Cristo," o kung ano, sobra-sobra na 'yan sa akin. Kaya hindi ko 'yan mapapayagan.

34 At kaya naman kapag tungkol na sa . . . Bumisita ako . . . Matapos na umalis ako sa pagtitipon sa Canada, nalaman ko na doon sa mga Eskimo o sa mga Indian doon, nakarating 'yun sa kanila.

35 At kaya nalungkot ako nang husto. At 'yung lakad para sa pangangaso na plinano ko nang matagal, di ko magawa. Natatakot ako sa aksidente sa pangangaso, kung nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin. Nakakapanginig, na malubha pa sa pagkakatayo ko rito ngayon. At di ko na 'yun magawang payagan pa, ang isipin na ang tatlumpu't isang taon na pagmiministeryo ay matatapon lang sa kanal ng diyablo, patungo sa . . . Kapag

wala na ako, anong sasabihin nila? "Hayan siya, ganoon nga raw mismo ang bali-balita"; at lahat na ng impluwensiya na mayroon ako sa mga tao, kaya makikita n'yo kung saan 'yun tutungo, na ako raw ay isang anticristo. At talagang hindi ko nga 'yan mapapayagan!

36 Sa isip-isip ko, "Mas pipiliin ko na lang na mamatay rito sa kakahuyan, na nabaril ko ang sarili ko o kung ano, kaysa . . ." At nakita ko na ako'y . . . Pagkatapos naisip ko ang munti kong Joseph, at kung ano pa, na kailangan pang palakihin. At wala na ako noon sa kondisyon na mangaso, kaya umalis ako ng kakahuyan at umuwi.

37 At malungkot na malungkot ako nang mga walo o sampung araw, na parang ang kalagayan ko'y akala ko—akala ko nasisiraan na ako ng ulo. At hiniling ko sa lahat na lumayo sa akin at pabayaan ako na nag-iisa dahil nasa masamang kalagayan ako at ninenerbiyos at nababalisa at masamang-masama ang loob.

38 At iniisip ko; kung tao 'yun na kumakalaban sa akin, maaaring ayos lang, baka matawa lang ako sa bagay na 'yun at magpapatuloy lang; pero noong malaman ko na kalugud-lugod na mga kapatid na lalaki pala, kalugud-lugod na mga kapatid na babae pala, hayun nga ang masakit sa akin. Tapos sabi ko, "Panginoon, masyadong . . . masyadong mabigat 'yun para sa akin, kaya ako'y aalis na lamang at ipapasa ko na lang ito sa Iyong mga kamay. Di ko—di ko na alam ang gagawin dito."

39 Mga ilang gabi ang nakararaan, para masigurado 'yun, ako'y nagkaroon ng isang—isang pagdalaw mula sa Panginoon. At may nakita akong mga kalugud-lugod na may—may ahas na inaalaga-alagaan, na dilaw at itim, at sinasabi sa akin, habang siya'y may sinasabi, at 'yun, at tinuklaw nun ako sa binti. Pero dahil makapal ang dugo ay walang naging epekto sa akin. At tumingin ako sa ibaba, at doon nga ako nakagat na noon. At bumaling ako dali-dali hawak ang isang baril at binaril ko ang—ang bagay na 'yun, at tinamaan 'yun sa gitna.

40 At may kapatid na lalaki na nagsabi . . . Bumaling ako hawak ang aking baril para barilin 'yun sa ulo nito, at sabi ng kapatid, "Huwag mong barilin, pulutin mo lang 'yang patpat na nariyan sa gilid mo." At noong tumalikod ako para pulutin ang patpat, kumawag-kawag 'yun na naging tubig, isang munting lusak ng tubig.

41 Sabi ko, "Buweno, hindi na ito makakapanakit pa ngayon dahil naniniwala ako na napagtanto ng kapatid na lalaki (ng kapatiran) na mangyayari 'yun." Sabi ko, "Ito'y . . . Nakakamatay ang sugat na natamo nito, kaya mamamatay ito."

42 At tinanong ko ang marami sa mga miyembro ko sa iglesya rito, sa tabernakulo rito kasama si Kapatid na Neville at ako, na lumalapit sa akin na may parehong tanong: Mga kapatid na

lalaki, kapatid na babae, hindi ba't nagsisikap ako na maging tunay na lingkod ni Cristo sa harapan n'yo? Hindi ba't nagsisikap ako na maging kapatid n'yo? Ngayon, saan man ito, ito'y isang espiritu na nasa mga kalugud-lugod na kapatid. Marami ang nagtatanong sa akin n'yan. Anupa't isa itong—isa itong espiritu, pero umaasa ako na ngayon ay nagtamo na ito ng isang nakamamatay na sugat at agad-agad itong mamamatay para makabalik ako sa pagmiministeryo. Habang hindi pa nangyayari 'yun, hinihiling ko sa bawat isa sa inyo, na ipanalangin n'yo ako. Hindi ko alam kung anong gagawin ko. Ang lugar ko po'y ibinenbenta na. Hindi ko ito kaya, kung ako'y—ako'y—ako'y mananatili rito, magiging ganap na masisiraan ng bait. At ako'y . . . Hinihiling ko sa inyo na ipanalangin n'yo ako.

43 At, alalahanin n'yo, kung kayo'y naniniwala sa akin, kung naniniwala talaga kayo na ako'y isang lingkod ni Cristo, tandaan n'yo, "Isang pagkakamali 'yan! Mali 'yan!" GANITO ANG SABI NG PANGINOON! "Mali 'yan! Huwag kayong magkaroon ng anumang kinalaman diyan!" Ako'y inyo lamang kapatid.

Atin na pong iyuko ang ating mga ulo:

44 Makalangit na Ama, nanginginig po ang laman ko, ang mga kamay ko ay maigting ang pagkakapiga sa isa't isa, ang mga daliri ko sa paa'y dikit na dikit sa aking mga sapatos. Oh Diyos, mahabag Ka po. Ano pong nagawa ko, Panginoon, para kahinatnatan ko ito? Idinadalangin ko na Ikaw ay mahabag sa akin, Panginoon, at sa lahat. At sa dako roon, at sa kanila na mga kalugud-lugod na mga kaibig-ibig na mga kapatid, nawa'y makita nila ang kanilang pagkakamali at ang bagay na nagawa nila, Panginoon, na pinighati nila ang puso ng kanilang kapatid at maging . . . hindi lang ang kanilang kapatid, kundi ang aming Tagapagligtas din, ang aming Makalangit na Ama. Idinadalangin ko po na Iyong patatawarin kami sa aming mga pagkakamali, Panginoon. Iyo pong ipahintulot na ang banal na Dugo ni Cristo ngayon ay hatakin ang aming mga pagkatao na maglakip, Panginoon, at mapagpala ang Tali na bumibigkis sa aming mga puso sa Cristianong pag-ibig at pagbubuklod.

45 Diyos, nawa ang kaaway na lumapit sa aming mga kapatid na lalaki't mga kapatid naming babae na may dalang . . . nawa magtamo 'yun ng sugat na nakamamatay at hindi na iiral pa kahit kailan; nawa ito'y mamatay na nang tuluyan, Panginoon. Sa Iyo pong paggawa nito, Ama, ako'y magbabalik sa pagmimisyon uli. Pero hanggang sa panahon na 'yan, Panginoon, ako po'y Iyong lingkod na napipighati ang puso, na naghihintay, naghihintay. Ito po'y higit sa kaya kong gawin. Haya't nang may mga luha po at nang may pag-iyak at nang may paghihikayat ay pinagsisikapan ko, Panginoon, nang maigi (Batid Mo po ang puso ko.) para patigilin ito bago pa ito kumalat nang husto, pero ito po'y lampas-lampasan na po sa kaya kong gawin. Kaya, Ama, itinatagubilin ko ito sa Iyong mga Kamay mula sa pulpitong ito

kung saan ako nangangaral nang maraming mga taon na ito. Itinatagubilin ko po ito sa Iyong Kamay.

46 Ngayon, Iyo pong ipangyari ito, Ama, sa Iyong Sariling Makalangit na pamamaraan. At kapag ang lahat ng ito'y tapos na at ang lahat ay wala na, pagkatapos nga'y magbabalik ang Iyong lingkod. Hanggang sa muli ako'y maghihintay na makapakinig mula sa Iyo, Panginoon.

47 Iyo pong pagpalain kami ngayon at pagkalooban kami ng dakilang gawain sa araw na ito; yamang kami'y narito na hindi sa pinagkakaisahan ito, kundi upang paliwanagin ito, sa publiko, sa harap ng mundo. Nang sa gayon ay malaman nila, Ama, na aking iniibig Ka at sinasampalatayanan Ka at nanindigan para sa Iyo, at—at nagnanais, na kung ako'y yayao na, ako'y pahintulutan Mo, Panginoon, na may malinis na puso at isang tunay na rekord na ako'y sumampalataya sa Iyo at nagtiwala sa Iyo. Iyo pong ipagkaloob ito. At aking pinapupurihan Ka at maggagawad kami sa Iyo ng kaluwalhatian sa lahat na mga kapanahunan na darating sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

48 Ngayon, doon sa Mga Kasulatan, tayo'y bumuklat sa Biblia sa . . . Naisip ko na sa umagang ito ay mainam na bagay mismo, kung ayos lang kay Kapatid na Neville, para magpatuloy lang nang kaunting minuto sa . . .

49 Ngayon, ako . . . Nawa'y huwag n'yong ipaparinig uli ito na mababanggit maski isang beses sa kalagitnaan n'yo. Ipanalangin na lamang po at huwag nang banggitin, itikom ito. Kita n'yo? Wala na akong . . . Ako—ako'y—ako'y limampu't dalawang taong gulang na, pero naiisip ko marahil, kung pahintulutan pa ako ng Diyos, may kaunting haba na lang ako ng buhay na natitira, at nais kong gugulin ang bawat katiting ng oras ko para kay Cristo. Kaya, alalahanin n'yo, ako'y lilisan dahil napupuwersa ako na gawin ito.

50 Ngayon, sa Aklat ng Apocalipsis, sa ika-4 na kabanata kung saan tayo huminto noong isang araw noong pinag-aaralan natin . . . Apocalipsis, sa ika-4 na kabanata, sa palagay ko, doon sa huling bahagi ng talata, ng kabanata. Buweno, ilan ang may nais ng Apocalipsis? Kahanga-hanga nga! Ngayon, sa palagay ko huminto tayo sa ika-5—sa ika-5 kabanata, hindi po ba? Natapos tayo dun sa, ika-4 na kabanata, sa apat na buhay na Nilalang. Ngayon, tayo'y dumako sa Salita ngayon, na iniiwan na ang mga bagay na 'yun sa nakaraan.

51 Diyos Ama, Iyo pong tulungan kami ngayon dahil kami po'y ninenerbiyos, pero kami'y dumudulog sa Salita. Isinasantabi na ang bagay na nasa nakaraan, kami'y nagtutumulin ngayon patungo sa hangganan na mataas na pagkatawag, mataas na pagkatawag ng pagmiministeryo para maging isang lingkod kay Cristo. Iyo pong ibigay sa amin ang Salita sa umagang ito

at pakainin Mo ang nagugutom naming mga kaluluwa, dahil kami'y nananabik, Panginoon, at hinihintay ang mayamang pahid na 'yun ng Espiritu Santo. Ikaw po'y pumarito sa kalagitnaan namin, Panginoon, na pinatatawad ang aming mga kasalanan at pagkakamali at pahintulutan kami na maging Iyong mga lingkod. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

52 Ngayon, tinalakay na natin ang mga kapanahunan ng iglesya, ang huling Pitong Kapanahunan ng Iglesya. At pagkatapos, ngayon, sa palagay ko may ilan na sinisikap na . . . isusulat nila ito, ang kapanahunan ng mga iglesya. Pagkatapos dumako tayo sa ika-4 na kabanata ng Aklat ng *Apocalipsis Ukol* . . . Ano 'yun? *Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo*. Ang *Kapahayagan*, na tinatawag sa Latin, ang *Apocalipsis*, na ang ibig sabihin ay "ihahayag, na inaalis ang—ang lambong, para ipakita, para ilahad," para ilabas ang kapahayagan ukol kay Jesus Cristo na Siyang Noon, Ngayon, at ang Parating, ang Ugat at Supling ni David.

53 Ngayon, sa ika-4 na kabanata, nasumpungan natin na si Juan ay iniangat patungo sa Langit matapos na makita niya ang mga kapanahunan ng iglesya. Sige't kaunting pambungad na tagpo lang ngayon, at pagkatapos tayo'y . . .

54 Marahil pinaka mainam na magbasa tayo ng ilang talata ng ika-5 kabanata, at pagkatapos magsisimula tayo sa pambungad na tagpo.

> *At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo* sa *luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at* . . . *sa likod, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak.*
>
> *At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, Sinong karapat-dapat magbukas ng aklat, at magtanggal ng mga tatak nito?*
>
> *At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man.*
>
> *At ako'y umiyak* . . . *sapagka't hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas at* . . . *magbasa ng aklat, o makatingin man.*
>
> *At* sinabi *sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak: narito, ang Leon sa angkan* ng . . . *ni Juda, ang Ugat ni David,* ay *nagtagumpay upang magbukas ng aklat, at ng pitong tatak nito.*
>
> *At nakita ko, at, nariyan, sa gitna ng luklukan at* . . . *ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo na wari ay pinatay, na may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Dios na sinugo sa buong lupa.*

*At siya'y lumapit at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan.*

Yan po ang unang pitong talata.

55 Ngayon, ngayon, sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, makita natin ang pagtatapos ng Kapanahunan ng Iglesya, na natapos sa Laodicean, ang sala-sa-init sala-sa-lamig na kapanahunan ng iglesya. Tapos nasumpungan natin, pagkatapos lang n'yan, iniangat si Juan paitaas sa Espiritu, patungo sa Kalangitan. At nakita niya ang mga bagay sa nakaraan, at ang parating, at ang mga bagay na tapos na. Ngayon, nakita natin, na ang iglesya'y hindi na lumitaw hanggang sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis, pagkatapos bumalik siya kasama ang kanyang Panginoon, na maluwalhating nahugasan sa Dugo.

56 Ngayon, sa huling sipi na ito, para sa isang munting pambungad na tagpo para ipakita kung nasaan na si Juan, nasumpungan natin na sa huling mensahe... Daglian ko lang itong pinahapyawan kahapon, 'yung ilan sa konteksto na ipinangusap ko na. At si Juan ay dinala paitaas sa Langit at nakita ang mga bagay na 'yun. At napansin ko roon na Kanyang binigyan ako ng isang kapahayagan, na... Alam n'yo, matapos ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli ay marami ang kasama Niya, at may ilan na nagsabi, "Ano ang mangyayari sa lalaking ito na nakadantay sa Iyong dibdib (si Juan nga)?"

57 Bumaling si Jesus at nagsabi, "Ano ito sa inyo kung siya man ay magtagal hanggang sa Ako'y pumarito?" Kaya hindi Niya kailanman...

58 Pagkatapos nga'y may lumabas na doktrina mula roon. Nakita n'yo na kung gaanong kadali na magsimula ang ganoon? May lumabas na doktrina na—na "si Juan daw ay hindi mamamatay hanggang sa makita niya si Jesus na dumating, o hanggang sa Ikalawang Pagdating." Sinabi ng Biblia na may lumaganap na ganoong doktrina.

59 Gayunman, hindi ganoon ang pagkakasabi ni Jesus kailanman. Ang sabi Niya, "Ano sa inyo kung siya'y magtagal hanggang sa Ako'y dumating?"

60 Ngayon, nasumpungan natin na siya'y iniangat patungo sa kalangitan at nakita ang panahon noon hanggang sa pagparito ng Panginoon, na para bang naroon siya at nakita ang lahat na nangyari. Si Juan mismo'y hindi nabuhay... Nabuhay siya nang mga higit sa siyamnapung taong gulang, at pagkatapos namatay sa isang—isang natural na kamatayan (ang tanging isa sa mga alagad) matapos na siya'y manggaling sa pagpapatapon sa kanya sa pulo ng Patmos.

61 Ngayon, may isang katangi-tanging punto na nais kong... (Sa palagay ko inalis na nila 'yung aking... ibinaba 'yung pisara, pero...) Nais kong bigyang-diin ito nang kaunti bago natin

tumbukin itong mahalagang bagay. Oh, maluwalhati nga ito! Isang kahanga-hanga't, kahanga-hangang kabanata.

62 At pagkatapos ang kasunod mismong kabanata'y nagsimula sa pagbubukas ng mga tatak na ito. Oh, ang ganda! At pagkatapos lalaktaw tayo mula roon at dadako sa iba't ibang bahagi ng Biblia, para kunin ang mga tatak na ito sa pagbubukas ng mga ito at kung ano ba ang mga hiwaga ng mga ito. Oh, maluwalhati nga ang mga ito, sadyang mayaman sa espirituwal na mga bitamina!

63 Ngayon, nakita natin na isa sa pinaka katangi-tanging bagay na nais kong ituon ang inyong atensyon, ay dito sa mga nabubuhay na Mga Nilalang (ng huling bahagi ng ika-4 na kabanata) na nakita ni Juan na binabantayan ang Kaban ng Tipan. Naalala n'yo ba kung paano ang pagkakaayos ng mga ito gaya ng Israel sa pagmamartsa nito? Sila'y mayroon, hayan nga, doon, na mukha ng nabubuhay na Nilalang. At nalaman natin na ang mga Nilalang na ito'y hindi mga Anghel, hindi rin sila mga tao. Sila'y mga Kerubin. At nasumpungan natin sila sa Lumang Tipan doon sa may kaban. Nasumpungan natin sila sa Bagong Tipan. At pagkatapos nasumpungan natin sila doon sa Pagparito ng Panginoon muli, na mga Kerubin na binabantayan ang luklukan ng awa.

64 Yaong luklukan ng awa na walang sinuman ang makalalapit maliban na lang kung may pantubos doon para sa tao, na tanging paraan na ang santuwaryo. . . Kapag ito'y wiwisikan ng dugo, hayan nga't nagiging luklukan ito ng awa. Pero matapos na alisin ang dugo, pagkatapos nga'y nagiging isang luklukan ito ng kahatulan.

65 At, oh, grabe, wala ngang sinuman ang makatatayo sa mga kahatulan na ito ng Diyos. Ang tanging bagay na hahanapin natin ay awa, hindi kahatulan, hindi katuwi- . . . katuwiran. Hindi natin kayang makadulog sa Kanyang katarungan; dahil, sa Kanyang katarungan, kailangan Niyang tuparin ang Kanyang Salita; at talagang tutuparin Niya ang Kanyang Salita, "Sa araw na kanin n'yo iyon, ay araw na kayo'y mamamatay." Sino ang may nais ng katarungan? Ayaw ko ng katarungan. Ang hibik ko'y kaawaan. Grabe, ibunsod ang kaawaan ng Diyos na . . . At ang luklukan ng awa'y winisikan!

66 Pero may oras nga ng paglilinis ng santuwaryo, sa panahon na ito'y luklukan ng paghatol hangga't wala ang dugo sa luklukan.

67 Ngayon, papalapit na tayo sa panahon na 'yan *ngayon*. Tayo'y papalapit na, sa kapanahunan na ito, sa isang paglilinis ng santuwaryo at ng mga katarungan na darating sa lupa. Kita n'yo? Hangga't ang Dugo ay naroon, hindi maaaring wasakin ng Diyos ang mundo; hangga't naroon ang Dugo, walang taong makasalanan sa harap ng Diyos. Ang bawat

isa'y tama, dahil may isang Pantubos sa sala para sa lahat. Pero kapag bigo kayo na tanggapin ang Pantubos na 'yun at bigo makatungo sa Kanyang Presensya, kung ganoon kayo'y isang makasalanan, kayo'y lampas sa kaawaan na 'yun. Kung ganoon nga'y hinahatulan n'yo na ang sarili n'yo. Pero ngayon habang may awa pa...Pero kapag sumapit na sa paglilinis ng santuwaryo, maaalis na ang Dugo sa luklukan ng awa at pagkatapos ang galit ng Diyos ay babagsak sa lupa. Oh, naku! Mahabag nawa ang Diyos sa atin, na hindi tayo masumpungan sa araw na 'yun na walang kahabagan ng Diyos.

68 Ngayon, makikita natin doon...Sisikapin ko itong parang espirituwal dito, o imuwestra ito para sa inyo ng mga kamay ko, na may apat na sulok na paraan noon ng pagkakampo ng Israel. Inilalagay nila ang—ang kaban sa gitna, at sa apat na gilid ng tolda ay tig-tatatlong tribo ng Israel, at ang tatlong apat ay labing-dalawa, o ang apat na tatlo, pala, ay labing-dalawa. At bawat tatlo ay may pangulo. At ang bawat pangulo ng angkan...

69 Isa sa kanila ay si Ruben, siya'y laging nakakampo sa—sa timog. Siya ang ulo ng tao. At si Efraim naman sa kanluran, kasama ang tatlong tribo, siya 'yung—'yung baka. Ang... Pagkatapos sa silangan ay si Judah, 'yung leon. At sa hilaga naman ay si Dan, yaon namang agila. Ngayon, pansinin. Naalala n'yo ba ang mga ito? Lahat kayo'y naaalala ito nang malinaw, kung papaano natin iginuhit ang mga ito: ang agila, ang baka, at ang—ang tao, at 'yung leon.

70 Ngayon, pansinin n'yo, binabantayan ni Judah ang silangang pintuan. At si Cristo ay "ang Leon ng angkan ni Juda." Siya'y bababa mula sa silangang kalangitan, papasok sa daan ng pintuan. Siya'y galing sa silangang pintuan mula sa angkan ni Juda. At Siya'y "ang Leon ng angkan ni Juda."

71 At nalaman natin, dito sa tatalakayin nating mensahe sa umagang ito, na Siya'y prinoproklama pa rin na "Leon ng angkan ni Juda, ang Ugat, ang pinaka simula ni David." Si David ay hari, Walang Hanggan. At si Cristo ay uupo sa luklukan ni David doon sa Milenyum, na Haring Walang Hanggan. "Walang sinuman kailanman ang pagkukulangin si David." Hallelujah! "Wala kailanman ang pagkukulangin si David!" Ipinangako 'yan ng Diyos, sabi, "Walang sinuman kailanman ang pagkukulangin si David, wala ni isa."

72 Sasabihin n'yo, "Paano naman ngayon, nasaan na ang mga Judiong tagahatol na 'yun?"

73 Nananatiling nasa kanya ang Binhi, si Cristo ang kanyang Anak batay sa laman. Hayun nga Siya na nakaupo roon. "Hindi nga magkukulang si David." Tama. At si Cristo ang "Leon ng angkan ni Juda" na 'yun na sumibol mula kay David.

74 Ngayon, nalaman natin na sila 'yung mga tagapagbantay sa luklukan ng awa. Binabantayan nila ang luklukan ng awa. Walang makalalapit doon, dadaan muna sa mga angkan na 'yun bago makalapit sa luklukan ng awa. Bawat tao ay handang magbigay ng kanyang buhay, bawat Israelita sa kampamento'y mamamatay muna bago may kung ano na makakapasok sa kampamento na 'yun doon at kukunin ang luklukan ng awa. At ngayon nasumpungan natin na 'yun ang kaayusan sa Lumang Tipan.

75 At sa kaayusan naman sa Bagong Tipan ay nasumpungan natin ang ganoon ding bagay, na 'yun ay binabantayan, ang luklukan ng awa. Oh, umaasa ako na nakukuha n'yo! Ang luklukan ng awa'y binabantayan pa rin, naroon pa rin ang mga bantay. Nalaman natin na 'yung mga bantay na 'yun ay sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, na binabantayan ang Aklat ng Mga Gawa, ang mga gawa ng Espiritu Santo na ipinangyari sa gitna ng mga alagad, 'yung—'yung Aklat ng Mga Gawa ng Bago ng Bagong Tipan. At ang apat na nagsulat ng mga Ebanghelyo, sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, lahat sila'y binabantayan ang luklukan ng awa para ipakita na ito'y Diyos, ang Espiritu Santo sa panahon ngayon. Bawat Kasulatan, Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, bawat isa sa kanila'y itataguyod ang tunay na Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo at ang mga gawa ng Espiritu Santo.

76 Ngayon, kapag lalampas tayo Roon kung ganoon ay hindi Ito 'yun. Pero tinataguyod nga Nito ang tunay na Mensahe! Gaya ng nakita natin sa Mga Gawa 2:38, kung saan, "Mangagsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga sala."

77 At ngayon ang kinuha't ginagamit nila'y Pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo" na sa ganoon magbabautismo. Walang Kasulatan para dun! Walang batayan na magpapatibay. Walang—walang anuman na nagbabantay n'yan, wala talaga! Sasabihin n'yo, "Sinabi 'yun ni Mateo." Binantayan Ito ni Mateo. Mateo 28 . . . ang sabi ng 1:18:

> . . . *ang pagkapanganak kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . kaniyang ina na si Maria ay magaasawa kay Jose,* bago *sila magsama, ay nasumpungang siya* ay *nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.*
>
> Lahat ng ito ay napangyari . . . *Si Jose na kaniyang asawa,* (pala) *palibhasa'y lalaking matuwid,* . . . *ayaw na* kusang loob *na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiya na—na hiwalayan siya* nang lihim, sa bagay na ito.
>
> *Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita* sa *kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag*

*kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kanyang dinadala ay sa Espiritu Santo.*

78 Kung ganoon, ang Espiritu Santo at ang Diyos Ama ay siya ring Persona o kung hindi'y lumalabas na dalawa ang Kanyang ama. Kita n'yo? Kaya haya't nakikita n'yo!

*At siya'y manganganak ng isang* bata,...*ang pangalang itatawag sa kaniya'y JESUS:*...

...at *nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap*...*ang sinalita ng*...*propeta,*...

79 Na ang Diyos ay makasama natin, na tinawag na Emmanuel, na Diyos, Ama, Anak, at Espiritu Santo, sa isang Pangalan (Jesus Cristo) na binabantayan ang pintuan na 'yan laban sa kamalian.

80 Ilang araw ang nakararaan sa Chicago, sa harapan ng ministeryal na asosasyon sa Chicago, kalakhang Chicago... Nalaman ko...Binangon ako ng Espiritu Santo isang gabi at sinabi sa akin, "Tumayo ka sa tabi ng bintana." Sabi, "May grupo ng mga ministro at naghahanda sila ng isang agahan para sa iyo." Sabi, "Mag-ingat ka, babakbakan ka nila ukol sa bagay na ito."

81 Sabi ko, "Salamat Po, Panginoon." Ipinakita Niya sa akin kung saan 'yun gaganapin.

82 At nagtungo ako at sinabi sa ilang ministro, sina Kapatid na Carlson at Kapatid na Tommy Hicks, kung paano na mangyayari nga 'yun. Sabi ko, "Yung lugar na pinareserba n'yo, hindi doon. Sa ibang lugar tayo magdadaos." Sinabi ko kung paano na si Doktor Mead ay uupo; kung paanong may lalaking itim na papasok, mauupo sa gawi *rito*; at lahat ng tungkol dun.

83 Pagkatapos nung umagang 'yun, at sabi nila...Sabi sa akin ng anak kong lalaki, "Daddy, pupunta ka ba roon sa kaguluhan na 'yun?"

84 Haya't ang sabi ko, "Hindi ako pupunta roon para makigulo. Magpupunta ako, na pinahiran ng Espiritu Santo, dala ang Salita ng Diyos na babantayan ang luklukan ng awa na 'yun, hangga't naroon Siya."

85 Kaya nung makarating na kami roon, bago pa sila nagkaroon ng pagkakataon na makapagtanong ng isang bagay, nagsalita sa akin ang Espiritu Santo, ang sabi, "Ngayon na ang oras para sabihin ito."

86 Sabi ko, "Alam ko kung bakit kayo narito." Tapos sabi ko, "Ngayon, Kapatid na Hicks, at ikaw at si Kapatid na Carlson, ang pinuno ng Christian Businessmen," sabi ko, "hindi ba't lahat ng bagay mismo'y talagang eksakto kung paano ito sinabi sa akin ng Espiritu Santo bago kahapon? Na hindi n'yo makukuha 'yung silid na 'yun, na tayo'y dito magdadaos?" At nung umaga lang na 'yun nila 'yun nakuha. Tapos sabi ko, "Ngayon tingnan

n'yo, ang lahat ay nakaupo sa paraan mismo na sinabi Nito kung saan." Sabi ko, "Ang bagay na nais n'yo sa akin ay tungkol sa Pangalan ni Jesus Cristo na pagbabautismo."

87 At kapag tayo. . .Nagsimula na nga ang Espiritu Santo na kunin ang Salita ng Diyos at ihayag Ito at ipaliwanag Ito nang paganoon, samantalang nakaupo roon ang isang grupo ng trinitarian na mga ministro, na nag-aabutan ng kamay sa ilalim ng mesa't nagkakamayan sa isa't isa at may mga luha na umaagos sa kanilang mga pisngi. At nauunawaan ko na pitumpu't dalawa sa kanila ay papunta rito sa tabernakulo rito para bautismuhan ko sila sa Pangalan ni Jesus Cristo.

88 Ang luklukan ng awa'y binabantayan, kita n'yo, binabantayan ng Espiritu Santo ang luklukan ng awa. Dapat nating panatilihin 'yun na ganoon mismo. . .Ibunsod mismo ang Salita na 'yun ng Diyos. . .hayun sila na dakilang mga mensaherong naroon, sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, na tinataguyod ang bawat gawa ng Bagong Tipan na 'yun.

89 At ngayon—ngayon, 'yan mismo ang bagay na sinabi ko sa unang bahagi ng mensahe para sa umagang ito, panatilihin natin ito roon na binabantayan ng Ebanghelyo. Nakikita n'yo ba? Nakikita n'yo? Panatilihin mismo roon kung saan babantayan Ito ng Mga Ebanghelyo.

90 Ngayon, nasumpungan natin roon, na binabantayan nila ang luklukan ng awa ng Diyos doon sa Lumang Tipan; at doon, sina Mateo, Marcos, Lucas, Juan, lahat sila. At maging ang Leon ng angkan ni Juda ay inialay ang Kanyang buhay para bantayan ang luklukan ng awa na 'yun, na ito'y mawisikan ng Kanyang Sariling Dugo. At doon ay nakatayo Siya sa umagang ito, ngayon, na dakilang Mananagumpay na bababa mula sa Silangan balang araw at makikita natin Siya.

91 Ngayon, bilisan na natin ang pagbuklat, dahil alam ko na may isang gawain pa ng pagbabautismo. Ano ba itong pitong-tatak na Aklat? Oh, grabeng dakilang bagay! Napansin n'yo ba kung paano ang pagkakasabi nito rito, "Ito'y pitong tatak na nasa *likod* ng Aklat"? Ito'y kung anong bagay. . .Oh, nawa'y tulungan tayo ng Diyos ngayon at bigyan tayo ng lakas ng loob, at marahil maya-maya ay maihatid ko ito sa inyo. Tingnan n'yo, hindi ito nasusulat sa Salita, ito'y natatatakan sa likod ng Salita. Ang Aklat ay natatatakan ng pitong tatak. Ang buong hiwaga ng Aklat ay natatatakan ng pitong tatak na ito. Isa ito sa pinaka dakilang kabanata sa buong Aklat ng Apocalipsis. Tingnan n'yo:

> *At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo* sa *luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at. . . na may sulat sa loob* (Nasusulatan sa loob, 'yan 'yung binabasa natin sa umagang ito.) *at. . .sa likod, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak.*

Sa labas ng Biblia, ang bagay nga na hindi sinasabi ng Biblia, ito'y natatatakan dito ng pitong tatak: ang mga hiwaga ng Diyos.

92 Ngayon, ano ito? Ngayon, pansinin. Nirerepresenta ng tatak ang isang tapos nang produkto, isang bagay na nasubok na, napatunayan, at pagkatapos ay tinatakan. Kung saan ang... Kamit na natin ang katibayan ng ating kaligtasan ngayon sa pamamagitan ng pagtatatak ng Espiritu Santo. Ito ang katibayan ng ating kaligtasan.

93 Sige't balikan natin pansumandali. May—may isang Kasulatan ako na naisulat dito, mga ilan, wala lang akong... wala nang oras para isa-isahin lahat. Pero tayo'y bumalik sa Mga Taga-Efeso, pansumandali, at basahin ang...sa unang kabanata ng Mga Taga-Efeso, para makuha n'yo ang tunay na kahulugan.

> *Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso,...*

94 At, alalahanin n'yo, isinulat ni Juan ang liham na ito para sa mga taga-Efeso, para sa Efeso at para sa mga tapat kay Cristo, yaong mga pinangaralan ni Pablo at tinuruan, pinalago sa Ebanghelyo. Kita n'yo?

> *...Efeso, at sa mga tapat kay Cristo...*

95 Ang tinutukoy nun ay 'yung mga nakay Cristo na. Papaano tayo makakapasok kay Cristo? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan sa iisang Katawan," yaong Katawan ni Cristo.

> Suma *inyo nawa ang biyaya, at kapayapaang, mula sa Dios na ating Ama, at...Panginoong Jesus Cristo.*

> *Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na* siyang *nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo* Jesus:

96 Bulayin n'yo ito ngayon! Pinagpala Niya tayo ng lahat ng makalangit na biyaya, mga pagpapala, habang nagtitipon tayo nang sama-sama kay Cristo Jesus (bilang mga mananampalataya, ang hinirang na Iglesya, mga tinawag palabas, mga ibinukod). Kanyang tinatakan tayo ng Kanyang Espiritu Santo, at ngayon ay inihahayag sa atin ang lahat ng mga bagay na nasa hinaharap para sa atin. Ngayon dumako na tayo sa pitong tatak.

> *Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya...sa pagibig:*

> *Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo*

*sa ganang kaniya, ayon sa* Kanyang Sariling *minagaling na kalooban . . .*

97 Ang gandang kaisipan ito! Sige't basahin pa natin pansumandali. Nais kong makadako rito lalong-lalo na sa ika-12 talata, at ika-13, ika-14:

*Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una sa* Kanya.

*Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig* ninyo *ng aral ng katotohanan,* at *ng evangelio ng inyong kaligtasan: na sa kaniya . . . matapos . . . na kayo'y magsisampalataya,* kayo'y *tinatakan* ng *banal na Espiritu na ipinangako,*

98 "Matapos na kayo'y magsisampalataya." Oh, kapatid kong Baptist, paano n'yo masasabi na hindi nga Ito ganoon? Sinasabi n'yo na natanggap n'yo ang Espiritu Santo *noong* manampalataya kayo? Ang sabi rito, "*Matapos* na manampalataya ay tatatakan ng Espiritu Santo na ipinangako." Pansinin:

*Na siyang patotoo sa ating mana hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian.*

99 Ngayon, nalaman natin na ang ibig sabihin ng *tatak* ay "tapos na itong gawa sa Diyos, tapos na ito." At bawat mananampalataya ay tinatakan na ng pangakong ito mula sa mismong simula, bago pa itatag ang sanlibutan ay paunang itinalaga na tayo tungo sa pagkukupkop bilang mga anak. Bago pa mismo magpasimula ang mundo! Oh, grabeng pag-asa. Ibinubunsod n'yan na tayo'y makapanatili nang matatag at tiyak. Isang angkla sa kaluluwa na hindi na natatangay rito at doon, kundi nakaangkla na kay Cristo, na may pag-asang tiyak. "Itinalaga bago pa itatag ang sanlibutan, tungo sa pagkukupkop bilang mga anak kay Jesus Cristo." Oh, kamangha-mangha talaga! Gustung-gusto ko 'yun: "tinapos na gawa" sa Diyos.

100 Ngayon, hayaan n'yong sumipi ako ng isa pang Kasulatan sa inyo. "Lahat na noong una pa'y Kanyang nakilala, ay Kanyang tinawag; lahat na Kanyang tinawag, Kanyang inaring-ganap; lahat ng Kanyang inaring-ganap, Kanyang niluwalhati." Mula doon sa pinaka simula, ang Diyos, sa Kanyang dakilang walang hanggang kaisipan, ay paunang nakita na ang Kanyang Iglesya at itinalaga ito tungo sa pagkukupkop bilang mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo, para pagkalooban sila ng Buhay na Walang Hanggan sa katapusan ng kapanahunan. Grabeng kay ganda na bagay! Kapatid na Neville, talagang nagbubunsod 'yan sa akin ng mas mainam na pakiramdam. Hindi ba't ganoon din ito sa'yo? Oh, siyanga. Pagkukupkop sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo!

101 Ngayon, pansinin n'yo sa pagpapatuloy natin. Ngayon, alam natin na ito'y isang tapos-. . . Tayo'y paunang itinalaga na kasama ang Cordero. Ang Espiritu Santo ang ating Tatak. Ang ibig sabihin ng *katibayan* ay "marami pa ang parating." Ang nasa atin pa lang ngayon ay ang katibayan Nito. Ang katibayan ay 'yung paunang bayad pa lang (Oh, grabeng ganda!), paunang bayad pa lang na humahawak dito at sinisigurado ito at inaangkla ito para walang kahit sinong iba ang makasaling dito. Ito'y katibayan ukol sa ating pagkukupkop. Amen. Ang Espiritu Santo ay ngayong katibayan ng Diyos sa ating mga puso (tinatakan), ang pagkukupkop bilang mga anak ay naghihintay sa atin sa dulo ng daan. Mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos!

102 Tayo'y bumuklat sa isa pang Kasulatan, nang madalian, nailista ko 'yun dito sa kabilang pahina rito. Mga Taga-Roma 8:22, sa tingin ko'y ang ganda nito. Ngayon, sa pag-aaral kahapon, nagsulat ako ng ilang mga Kasulatan dito na nais kong balingan.

> . . .*nalalaman natin na—nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may* kahirapan *na kasama natin hanggang ngayon.*
>
> *At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo, na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din* sa ating sarili, *sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating* mga katawan.

103 Oh, nakikita n'yo ba? "Ang buong nilalang ay humihibik," sabi ni Pablo. Ang lahat ay humihibik. Tingnan n'yo ang mga puno kung paano sila naghihirap. Tingnan n'yo ang mga bulaklak kung paano sila nahihirapan sa buhay; hayan nga't sinisira lang sila ng lamig. Tingnan n'yo kung paanong naghihirap ang mga puno na panatilihin ang kanilang mga sanga na nakataas para umawit ng mga kaluwalhatian sa Diyos. Kita n'yo? Ang lahat ng bagay, lahat ng kalikasan, lahat na mga hayop, lahat na mga ibon, kung paano siya lumilipad mula sa kaaway at umiiwas, ang lahat ay humihibik. "At maging tayo," sabi ni Pablo, "tayo'y humihibik, din, kasama nila, dahil naghihintay tayo para sa katubusan ng ating katawan."

104 Pero *ngayon*! *Ngayon*! Ganoon ang ginagawa nila sa lahat ng mga taon na ito hanggang *ngayon*! *Ngayon* tayo'y may katibayan na ng ating mana! Oh, grabe! Anong taglay natin? Taglay natin ang patunay na ang Diyos ay nabubuhay. Tayo'y may patunay na ang Diyos ay kasama natin. Taglay natin ang patunay na hindi tayo pinabayaan ng Diyos, na tayo'y Kanya at Siya'y atin, dahil tayo (sa ating mga katawan), tayo ngayon ay tabernakulo ng Espiritu ng Diyos na sumisigaw ng, "Abba, Ama." At walang bagay na makawawaglit n'yan. Tayo'y nakaangkla kay Cristo.

105 Ngayon, hindi ito taglay ng mga puno, hindi ito taglay ng kalikasan, anupa't tayo'y humihibik pa rin kasama sila dahil sa ngayon ay hindi pa natin natatanggap ang kapuspusan ng pagkukupkop sa atin. Pero mayroon na tayong katibayan nito, na tayo'y hinango na mula sa mga bagay ng sanlibutan at ngayon ay naging mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Anong uri ba dapat tayo ng mga tao? Oh, grabe, sa tuwing bubulayin natin 'yan! Bulayin n'yo ito!

106 Ngayon taglay na natin ang katibayan, ang espiritu nati'y humihibik para sa ganap na pagkukupkop, pero ngayon ay taglay na natin ang katibayan nito. Yamang natanggap na natin ang Espiritu Santo, ito ang katibayan ng ganap na pagkukupkop sa atin o ganap na kaligtasan. Oh, napakaganda! Gustung-gusto ko 'yun. Buweno.

107 Hinihintay natin ang kapuspusan ng pagkukupkop. Kailan ito magaganap? Sa unang pagkabangon na mag-uli. Yan 'yung panahon na ang ating mga katawan ay babaguhin mula sa ating pagiging kasuklam-suklam na mga nilalang at magkakamit tayo ng isang katawan gaya ng Kanyang Sariling maluwalhating katawan, "Sapagkat makikita natin Siya bilang Siya, at tayo'y magiging kagaya Niya." Sa pagpapakita Niya, tayo'y magpapakita sa Kanyang wangis. Magkakaroon tayo ng katawan na katulad ng Kanya, na isang maluwalhati't niluwalhating katawan, at lahat ng mga pagsubok at paghihirap sa buhay ay maglalaho sa isang munting bula at hihipan palayo na mawawala na kailanman.

108 At itong mga makalupang tabernakulo na ngayon ay narito tayo na humihibik, tayo'y naghihintay para sa katibayan na 'yun—katibayan na 'yun. . .para sa kaligtasan na darating na nasa ganap na kapuspusan nito. Pero ngayon sa mga tabernakulo na ito ng putik ay taglay natin ang isang Bagay na sinasabi sa atin na tayo'y iniangat na nang malayo mismo. Amen. Ano ba ang katibayan na 'yun? Ito'y munting paunang-bayad na gumagarantiya dun, Kapatid na Dauch. Yun ang katibayan. Ngayon, dati noong iniibig pa natin ang mga bagay sa mundo, dati noong nagkakasala tayo at nagpapatuloy sa paggawa ng mga bagay sa sanlibutan, at wala tayong pakialam sa Diyos, tayo'y hiwalay mula sa Kanya, na mga walang Diyos, walang Cristo, na mga nasa sanlibutan; ngayon, ipinadala ng Diyos ang Kanyang Espiritu Santo at sa pamamagitan nun tayo'y iniangat mula sa mga bagay na 'yun. Ngayon taglay na natin ang katibayan, na alam nating lumipat na tayo mula kamatayan patungong Buhay. Amen!

109 Heto, habang sinisikap ko na ipakita ito nang *ganito*. *Heto* 'yung dako kung saan ang mga ordinaryong makasalanan ay naglulumagi, dito mismo sa ibaba. Ngayon, ang Cristiano'y umaangat nang mas mataas pa rito, siya'y umaangat nang mas

mataas kaysa sa lahat ng ito. Yan ang katibayan ng kanyang kaligtasan.

110 Ngayon, para malaman n'yo kung kailan. . .kung ano ang ibinubunsod ng mga pangitain sa'yo. Kaya lingapin ako, ang Diyos ang aking saksi, hindi ko intensyon na magkaroon ng isa pa uli. Kung magkaroon man ng isa pa, itatago ko ito sa sarili ko, kita n'yo, dahil nakikita ko kung anong ibinubunsod nito. Hindi pa handa ang mga tao sa ganoong klase ng pagmiministeryo, kaya kailangan mo itong hayaan, kita n'yo, babalik dito. Pero kung makabalik uli ako sa pagmimisyon, ako'y magiging isang ebanghelista. Pero tingnan n'yo rito. Dito, sa pagbalik dito, dito sa itaas, umaangat ka sa Makalangit na ito rito sa itaas. Nabubuhay ka sa paligid ng mga dako na ito. Dumadako ka lampas sa anumang bagay na maiisip ng tao, lampas sa anuman na mga bagay na ito. At dinadala ka nito sa mga dako na 'yun doon.

111 Pero, kita n'yo, ngayon ay taglay natin, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang katibayan ng mana natin dahil iniangat na tayo mula sa mga bagay ng sanlibutan; at tayo man ay narito sa mundo, pero haya't nasa itaas tayo ng sanlibutan! Oh Kapatid na Neville, ang Diyos nawa ay mahabag at magkaloob sa Iglesya ng buhay na Diyos . . .

112 Kapag dumarating tayo sa kalagayan na iniisip natin ang iglesya, na isang kabigha-bighaning iglesya, na, "Sinisikap na nating gumaya sa mga bagay ng sanlibutan. Na sinisikap na nating magkaroon ng mas magaling na koponan ng basketbol kaysa sa koponan nila. Na kailangan mayroon tayong mas—mas mainam na gusali. Na kailangan mas magaling tayo sa larong bunco. Na kailangan mayroon tayong mas mahusay na *ganito* at *ganoon*, o *ganoon*." Naku't, paano natin magagawang igaya-gaya Ito sa kabighanian at kinang ng mundo? Hindi tayo. . . Ang Ebanghelyo'y hindi *kumikinang*; Ito'y *nagliliwanag*. May pagkakaiba ang kinang at ang liwanag.

113 Kita n'yo, paikot-ikot lang tayo, gaya ng nasabi ko na, nagdadala ng isang—isang bangkay mula sa isang morge patungo sa isa pa, nagpapalit ng mga miyembro at mga bagay na gaya nun. Buweno, anong mabuti ang maidudulot nun sa atin? At pilit nating pinagiging makinang ito, na nagtataasang maiinam na mga tore ng simbahan, naglalakihan na maiinam na dako. "Kailangan mas mainam 'yung sa atin kaysa sa Methodist o mas mainam kaysa sa Baptist, at sinisikap nating lahat na makipagkumpetensya sa Katoliko, at nagdadaos tayo ng mga larong bunco at mga kasiyahan at mga hapunan at mga paglilibang, at lahat na."

114 Ang iglesya'y hindi dapat kailanman gumaya sa sanlibutan. Paano kayo at ang inyong libangan sa simbahan ay makakagaya sa Masonic Lodge o—o sa sinuman na kayang maglibang? Yun

ang dako nila. Huwag na huwag kayong mangahas na magpunta sa kanilang mga dako.

115 Ngunit may Bagay tayong kamit na wala sila! Mayroon tayong Jesus. Ibunsod n'yo na sila ang magtungo rito kung nais nila ng isang bagay. Manatili kay Cristo. Mayroon tayong Jesus. Wala sila . . . hindi nila makakamit si Jesus hangga't lumipat sila rito. Haya't kapag tayo ang tutungo roon, tayo'y mawawaglit sa Kanyang mga dako.

116 Huwag n'yong ipagpilitan na kuminang. Magliwanag! At hindi kayo ang magliliwanag, ibunsod n'yo na Ito ang magliwanag sa inyo. Kita n'yo?

117 Yung munting glowworm, hindi siya nagliliwanag dahil gusto niya lang magliwanag; pero siya'y *kusang* nagliliwanag, may kung anong bagay sa kanya na nagliliwanag. Naroon 'yun sa kanya, nasa kanya mismo na ibinubunsod 'yun, may kung anong bagay sa loob niya na nagpapaliwanag sa kanya.

118 Buweno, ganoon 'yun sa Espiritu Santo. Hindi natin kailangang maging kakaiba, maiba, na maging kung anong higit na bagay, lumubay lang at mabuhay ng isang maka-Diyos na buhay at ibunsod ang Diyos na mabuhay sa pamamagitan n'yo. Yun ang magpapaliwanag para sa Ebanghelyo. Kita n'yo? Hindi na kuminang; 'yung *kinang*, 'yan 'yung nagbubunsod sa matsing na mapatalon, anumang bagay na kumikinang. Alam n'yo, lagi silang napapatalon para sa kung anong bagay "na makintab." Pero ang *pagliliwanag* ay "mayumi, na taimtim na katimyasan ng—ng Espiritu Santo."

119 Ngayon hinihintay natin ang pagbabangon na mag-uli. Buweno, ngayon, nauunawaan n'yo ba? Sabihin n'yo, "Amen," kung nauunawaan n'yo, ang ibig kong sabihin sa "katibayan." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tayo'y . . . Alam natin—alam natin na lumipat na tayo mula kamatayan patungong Buhay dahil tayo'y iniangat na. Tayo'y iniangat na hindi sa ganang sarili natin, bagkus iniangat mula sa mga bagay ng sanlibutan, na ating minamahal na ang lahat. At minamahal tayo ng Diyos, at alam natin ito. At binabantayan natin ang ating mga buhay at nakikita na Ito'y ang Espiritu Santo, dahil wala na tayong pakialam sa mga bagay ng sanlibutan. Kita n'yo? Hayan nga kayo. Hangga't iniibig n'yo ang sanlibutan o ang mga bagay sa sanlibutan, kung ganoon ang pag-ibig ng Diyos ay wala pa sa inyo. Kita n'yo? Pero kapag nasa itaas ka na n'yan, kung ganoon alam n'yo na taglay n'yo ang mana, kita n'yo, kayo'y—kayo'y nasa inyong daan na patungo sa inyong ganap na katubusan.

120 At, ngayon, hindi 'yan darating, kita n'yo, hangga't magtaglay tayo unang-una . . . Kailangan makita muna natin si Jesus. At sa pagdating Niya, tayo'y magkakaroon ng isang

katawan na katulad ng Kanyang katawan at tayo'y ibubunsod na maging katulad Niya. Siyanga.

121 Ngayon, nakita natin na may bagay rito na nawala, dahil sinabi mismo ng Biblia, at, sa Aklat dito na—na tumubos sa atin. Mula ba sa ano tayo tinubos? May bagay na sadyang nawala sa atin. Bago ka kasi matubos, kailangan may bagay na magtutubos sa atin pabalik. At ang lahat ng mana na kamit natin noon ay—ay tinubos pabalik. Kung ganoon may bagay tayo na taglay noon na hindi natin taglay ngayon, pero ang Cordero na ito'y dumating upang magtubos. Kita n'yo? May bagay tayo na mula roon tayo'y nawaglit.

122 Ngayon pansinin. Ano ang nawaglit natin? Buweno, ibinigay noon kay Adan na magkamit ng Buhay na Walang Hanggan, basta't kakain siya mula sa Punongkahoy na 'yun siya'y may Buhay na Walang Hanggan. At napansin natin uli na si Adan ay ang. . . kanyang—kanyang minana ang lupa. Siya ang. . . parang isang maliit na diyos noon sa ibabaw ng mundo. Kanya ang mundo. Ang lahat ay ibinigay sa kanyang kamay, magagawa niya rito ang anuman na nais niya. Pinangalanan niya ito, at binigyan ito ng tawag, at ginawa ang anuman na nais niya. Siya'y tunay na isang anak ng Diyos.

123 Ngayon, sa pagkahulog, nawaglit niya ang titulo roon. Naiwaglit niya ito kay Satanas. Kinamkam ni Satanas ang titulo. Naging pabaya si Adan, at hindi niya natubos ang kanyang mga karapatan dahil hindi niya kayang tubusin ang kanyang mga karapatan. Pero si Satanas, na walang karapatan para ariin 'yun, pero kanyang inari 'yun, kaya siya ang diyos ng mundong ito. Yan mismo ang sinabi ng Biblia. Kanyang inari ito. Hindi dahil sa siya'y—sa siya'y—siya'y may tunay na karapatan para makuha 'yun, pero kanyang kinamkam ito. Ngayon nakukuha n'yo ba? Inari 'yun ni Satanas, hawak niya sa kanyang kamay ito. Ang kamatayan ay nasa kanyang kamay, ang mundo ay nasa kanyang kamay, sa kanya ang mundo, bawat bansa'y sa kanya, pinamamamahalaan at kinokontrol niya ang buong mundo at ang lahat ng bagay sa mundo. Yun nga ang ginagawa ni Satanas!

124 Pero salamat sa Diyos tayo'y hindi sa mundo. Kita n'yo? Kaya hayan—hayan kayo. Kita n'yo? At tayo'y. . . Hindi ang Iglesya ang ibig kong sabihin; hindi kontrolado ni Satanas ang Iglesya. Ang mundo lang ang kinokontrol niya. Kanyang sinabi na sila'y kanya, at siya ang diyos ng sanlibutan. Sinabi ni Jesus na ganoon nga siya, at siya namang talaga. "Siya'y diyos ng mundong ito, na binulag ang mga mata ng mga tao," ang diyos ng mundong ito. Siya nama'y ang Diyos ng Langit. At kaya ngayon wala siyang karapatan na ariin ito. Hindi niya ito pagmamay-ari.

125 Anupa't kanyang nawaglit ang. . . at nawaglit ni Adan ang titulo nito, dito, na lahat nitong mga bagay na pagmamay-ari

natin, Buhay na Walang Hanggan at ang pagmamana sa lupa. Sabi ni Jesus, sa Mateo 5, "Mapalad ang maaamo sapagkat mamanahin nila ang lupa." Kita n'yo? Ngayon, hindi natin ito kamit ngayon.

126 At, tingnan n'yo, hindi lang ito kay Adan o alinman sa kanyang mga binhi. Ganap na naiwaglit ng binhi ni Adan ang lahat ng bagay, rin. Kaya hindi ito ngayon sa binhi ni Adan. Kahit na gaano pa nating ipagpilitan na gawing kabigha-bighani ang mundo, at kahit na gaano pa nating pagsumikapan na makagawa ng malalaki't maiinam na mga bahay at mga bagay, hindi pa rin ito kamit sa binhi ni Adan. Hindi, po. Hindi 'yun napunta sa binhi ni Adan, hindi, po, dahil kinuha ito ni Satanas nang buong-buo. Siyanga! Dahil nawaglit ito ni Adan.

127 Ngayon, oh, grabe! Oo, maraming bagay ang puwede pa sanang saysayin. Ayaw ko—ayaw ko lang kunin masyado ang oras ngayon, para may oras pa tayo, para makapagbautismo. Sige.

128 Kanyang inari 'yun pero wala siyang tunay na karapatan para ariin ito, ganoon nga si Satanas. Noong ang nagmamay-ari na may karapatan—nagmamay-ari na may karapatan—nagmamay-ari'y mawaglit ito, may isang paraan na lamang para matubos ito. Ngayon, sa pamamagitan nga 'yun ng isang malapit na kamag-anak, 'yun lang ang may tamang karapatan para tubusin ito. Ngayon, hayan nga't, nakamit natin ito sa birheng kapanganakan kay Jesus Cristo.

129 Ngayon, nais kong magsabi ng isang bagay rito. Ang unang bagay na nais nating balikan, ay, sige't kung makababalik po tayo rito sa—sa Lumang Tipan dito, sa palagay ko nailista ko 'yun dito kung saan, Levitico 25. Sa Levitico 25:23 at 24, masisipi n'yo roon ang mga batas patungkol sa pagtutubos, sige't sa mga inililista ito. Ang pagtutubos ng anumang bagay ay kapag ang isang tao. . . Noong ibigay ng Diyos sa Israel ang ano nito. . . noong hinati-hati ang lupain nito sa pamamagitan ni Josue, bawat angkan at bawat tao ay binigyan ng isang lupain kung saan minamana ng kanyang mga anak kung ano ang kanyang—kanyang pagmamay-ari.

130 Ngayon, kung ang lalaking ito'y naging mahirap at naiwaglit niya ang lahat sa isa pang tao, heto. . . at ang tanging paraan para ito'y matubos pabalik ay sa pamamagitan ng isang pinakamalapit na kamag-anak. Pero sa huli'y kailangan mismong maipanauli ito pabalik. Hinahawakan lamang ito nung isang tao sa partikular na haba lang ng panahon. Kailangan bumalik ito sa orihinal na nagmamay-ari. Tama! Kailangan bumalik sa orihinal na nagmamay-ari. Ang. . . kung sila nga'y mula sa angkan ni Juda, kung ito'y. . . Kung naroon siya at ito'y nalaan sa kanyang tatay, kung ganoon sa kanya nga 'yun, o kung sino na malapit na kamag-anak ang maaaring tumubos nito.

Pero, ngayon, walang iba ang may karapatan. . . Maaari nilang hawakan, maaari nilang hawakan 'yung titulo nun. Maaari nilang hawakan ang titulo hanggang sa ang pagkakautang ay mabayaran, pero kapag dumating na ang tamang tao, ang tao na. . .

131 Sabihin na lang natin, halimbawa, kung nagmamay-ari ako ng kapirasong ari-arian at naiwaglit ko ito, at ibinenta ko 'yun kay Kapatid na Neville na taga-ibang angkan, ni Judah, o marahil sa isang banyaga naibenta. At tama naman na pagmamay-ari niya 'yun, siya ang may-ari, maaari nga niyang puntahan 'yun at sakahin 'yun at kunin ang mga ani mula roon, at kung ano pa, pero sa totoo hawak lang niya 'yung titulo. "Hindi niya 'yun maaaring ariin," ganoon ang batas sa Israel. Ngayon mababasa n'yo sa—mababasa n'yo sa Levitico 25, at makikita n'yo roon na hindi nila maaaring ariin 'yun batay sa karapatan; kanyang *hinahawakan* lamang 'yun.

132 Buweno, ngayon, halimbawa, nais ng anak ko. . . Si Billy, diyan sa likod, nais niyang bilhin ang aking. . . pupunta siya roon at bibilhin ang lupain na ito. Buweno, ngayon, kung ang banyaga o si Kapatid na Neville o—o may ibang tao na nagmamay-ari nito, na may hawak ng titulo nito. . . Ngayon, kung ito'y ang pinakamalapit na kamag-anak ko, kadugo ko, hindi na 'yun maaaring hawakan pa nang matagal nung tao. Hindi, na. Kailangan na ibigay niya, siyanga, po, kapag ang halaga ay nabayaran na, haya't kapag naibigay na niya sa kanya, ang sabihin natin, dalawampu't limang libong dolyar para sa kapirasong lupain na 'yun.

133 Buweno, pagkatapos, halimbawa, si Kapatid na Tony ay pupunta at magsasabi, "Kapatid na Neville, bibilhin ko ang ari-arian ni Kapatid na Branham." Hindi niya puwedeng gawin 'yun.

Sasabihin ni Kapatid na Neville, "Hindi, puwede, ayaw kong ibenta ito."

"Buweno, magkano ba ang ibibigay mo para rito?"

"Dalawampu't limang libo."

"Buweno, bibigyan kita—kita ng tatlumpu't limang libo. Bibigyan kita ng *ganito-at-ganoon*."

"Hindi ko alintana kung anong gusto mo. Ayaw kong ibenta ito, sa akin pa rin ito."

134 Pero si Billy Paul ay maaari ngang magpunta roon at magsabi, "Nais kong kunin ang pagmamay-ari ni Tatay, heto ang dalawampu't limang libo." Kailangan niya 'yung pakawalan. Ganoon nga, dahil 'yun ang batas.

135 Oh, Hallelujah! Hmm! Umaasa ako na kayo na mga Cristiano'y nakikita ito. Tayo ang asin ng mundo. Ibinigay ng Diyos ito sa Kanyang mga anak. Binigyan Niya tayo ng

hurisdiksyon na kapamahalaan sa lahat na kalikasan, sa lahat na mga hayop, sa lahat ng buhay saan mang dako. Pero si Adan, na ating tatay, ay naiwaglit ito kay Satanas. Pero saan nga 'yun bumalik? Sa karapat-dapat na Nagmamay-Ari, sa Diyos na gumawa nito. Amen!

136 Hindi nakapagtataka na sinabi ni Juan na siya'y "umiyak na mainam," dahil wala siyang mahanap na karapat-dapat para tubusin ito. Kailangan kasi na karapat-dapat. Ang sabi ni Juan, "Umiyak ako nang mainam nang walang may kakayahan na kunin ang Aklat o tumingin man Dito o kalagan ang mga tatak niyaon." Sabi niya, "Wala . . . Walang tao sa Langit, walang tao sa lupa, walang tao sa ilalim ng lupa, walang tao sa lahat na dako."

137 "Walang tao." Ngayon, hindi niya isinali rito ang mga Anghel. Alalahanin n'yo, ang mundong ito'y hindi ibinigay sa mga Anghel. Ito'y mana para sa tao. Karapat-dapat si Gabriel, tunay naman 'yan; may iba pa na karapat-dapat, marahil si Miguel. Hindi bilang . . . Marahil siya'y karapat-dapat na gawin ito. Pero walang tao na karapat-dapat. Kita n'yo? At umiyak nang malakas si Juan.

138 May nagsabi, "Dahil nasumpungan niya ang sarili niya na hindi karapat-dapat." Hindi ganoon. Ang lalaking ito'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, hindi siya makakagawa ng anumang kamalian na tulad nun. Pero siya—siya nga'y . . . siya—siya nga'y—siya nga'y . . . Anupa't hindi lang sarili niya ang di karapat-dapat, wala siyang masumpungan na sinuman na karapat-dapat.

139 Kaya noon din ang sabi niya, "Isang matanda ang lumapit o isang malakas na anghel, na ang sabi, 'Huwag kang umiyak, sapagkat ang Leon ng angkan ni Juda,'" (Amen!) "'ang Ugat ni David, Siya'y nagtagumpay!'" Amen! "'Pinanagumpayan,'" sa madaling sabi. "'Siya'y karapat-dapat para kunin ang Aklat!'" Amen.

140 Alalahanin n'yo, hindi pa niya Siya nakikita hanggang sa puntong 'yun. Bakit? Siya'y nakaupo sa isang . . . nakaupo sa isang Luklukan doon, sa Luklukan ng Diyos. Siya'y naroon sa loob ng santuwaryo. Hindi pa niya Siya nakita hanggang sa punto na 'yun, kaya inaasahan ni Juan na ang makikita niya'y isang—isang Leon na lalabas, pero ang nakita niya ay isang Cordero!

141 Hayan nga, mga kapatid. Sa pamamagitan ng kaamuan, sa pamamagitan ng katimyasan, sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay makapapanagumpay tayo. Hindi 'yung kung sinong tanyag na mahusay na intelektual na higante, bagkus ang tao na magagawang maipagpakumbaba ang sarili ay siya 'yung tao na nakakapanagumpay. Ang tao na nasisipa-sipa lang at nananatiling lingkod pa rin ni Cristo, 'yan ang mananagumpay.

142 Ngayon, ang sabi niya, "Siya'y nagtagumpay. At Siya'y karapat-dapat na kunin ang Aklat at buksan ito at alisin ang mga tatak niyaon."

143 Ngayon, makikita natin sa ibang panahon, marahil di ngayon, kung ano mismo ang laman ng pitong tatak, kung ano ang ginawa nito.

144 Ngayon, tumalakay tayo nang kaunti tungkol sa "pagtutubos." Bago—bago ang taong ito ay . . . ay makapagtubos, ang unang bagay, kailangan karapat-dapat siya, kailangan siya'y tamang uri ng tao. Haya't natupad ito noong si Jesus Cristo ay ipinanganak, sa isang birhen na kapanganakan, dahil Siya'y Diyos. Siya ay Diyos Mismo na naging tao, Siya'y Diyos sa katawang tao. Marapat lamang na Siya'y karapat-dapat; at ang birheng Dugo ni Jesus Cristo ang nagpaging karapat-dapat sa Kanya. Ngayon, nasumpungan natin, kung gusto n'yong balikan ang Kasulatan ukol dito, doon sa Unang Pedro 1:18 hanggang 20, kung inililista n'yo ang Mga Kasulatan. Kailangan karapat-dapat Siya. At Siya nga, dahil kinuha Niya para sa Kanyang Sarili ang anyo ng isang tao. Siya'y naging tao, ang Diyos ay naging malapit na kamag-anak natin. At diyan ay nasumpungan natin ang magandang bahagi ng Diyos na Jehovah na napaging-laman at nanahan sa kalagitnaan natin bilang ang Isa na karapat-dapat. Amen.

145 "Siya'y nagtagumpay." Ang Diyos ay nagsa-anyong laman ng tao, pumarito Siya sa lupa, ipinanganak na isang munting sanggol at lumakad sa kalagitnaan natin. At sa pamamagitan ng Kanyang banal na Dugo Siya'y nagtagumpay.

146 Ngayon, sa Lumang Tipan, paano idedeklara ng isang tao ang kanyang pagmamay-ari, anong ginagawa niya? Kumukuha siya ng matanda, sampung matatanda, at magpupunta sa pintuang-bayan at itatanghal kung ano ang ginagawa niya, na tutubusin niya ang bagay na kanyang nawaglit, at ipakikita niya kung sino siya, at siya'y sasaksihan. Makikita natin ang magandang kuwento na 'yan dito (Heto't may munting tala ako na naisulat dito . . . para di ko makalimutan, ako kasi'y ninenerbiyos ngayong umaga.) tungkol ito kay Ruth, ang kamag-anak at si Boaz. Natalakay na natin 'yan di pa katagalan. Nais kong pansinin n'yo ang tatlong yugto ngayon ng kapahingahan na ito.

147 Nais kong pansinin n'yo ang kapahingahan ng Iglesya, na ganoon mismo. Ngayon, masdan. Ang unang dako na nasumpungan natin, yamang natugaygay na nating lahat ang pangangaral na 'yun, *Ang Kamag-Anak Na Manunubos*, ang Diyos ay nagsalaman para maging Manunubos. Siya itong Isa rito sa ika-5 kabanata—sa ika-5 kabanata. Sabi:

*At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man.*

*At ako'y umiyak na mainam, sapagka't hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas* nitong Aklat o *basahin—*o *basahin ang aklat, o makatingin man.*

*At* sinabi *sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak: narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David,* ay *nagtagumpay upang magbukas ng aklat, at ng pitong tatak nito.*

Siya itong Isa na ito, Siya itong Isa na ito na ating tinitingnan.

148 Ngayon pansinin n'yo kung paanong si Ruth. . .kung paanong. . .at si Naomi, si Boaz ay isang ganap na larawan mismo. Kung paano si Naomi noong panahon ng taggutom ay iniwan ang iglesya, iniwan ang bansa, nagtungo sa lupain ng Moab para manirahan dun at humimpil pansamantala roon. Naiwaglit niya ang lahat ng mayroon siya. At noong umalis siya, ang kanyang asawang lalaki, si Elimelech, ay namatay habang naroon sila, kaya iniwan nun ang kanyang mana na mapunta sa kung sino. Tapos noong tayo'y dumating. . .noong bumalik siya, kasama niya pabalik ang isang magandang kabataang Moabita na balo. At noong makita ni Boaz ang balo na ito, na si Boaz ay isang tipo ni Cristo, nahulog ang loob niya para sa kanya. At kanyang inibig siya. Kaya, kailangan na tumubos siya, ang tanging paraan na makukuha niya siya para maging asawa niyang babae ay ang tubusin ang bagay na ang kanyang kapatid, na si Elimelech, ay nawaglit.

149 At kaya naman tinanong niya ang nakatatandang kapatid nito kung tutubusin na nito ito, yamang mas malapit ito kaysa sa kanya, at hindi raw nito gagawin. Kaya nagtungo siya roon para maging ganap na halimbawa ng mga batas ng Diyos. Nagtungo siya sa mga pintuang-bayan at hinubad niya ang kanyang panyapak, at nagsabi, "Maalaman nga sa araw na ito na aking tinutubos ang lahat ng pagmamay-ari ni Naomi. Ang lahat ng pagmamay-ari niya, ang lahat na si Elimelech (na aking kapatid) ay nawaglit, ako na ang kasunod na kamag-anak, at ako ang makatutubos nito kaya ako'y nagpunta para kunin ito. Kung may ibang tao rito na makapagpapakita ng matuwid na kadahilanan kung bakit, o may sinuman na mas malapit kaysa sa akin, ay maalaman na." At nagtikom ng bibig ang lahat. Kaya hinubad niya ang kanyang panyapak at initsa 'yun para maging isang patotoo, "aking tinutubos ang lahat na ang aking kapatid, na si Elimelech, ay kanyang pagmamay-ari." Bakit? Siya kasi'y isang kamag-anak. Siya'y isang kamag-anak na manunubos. Oh, grabeng kay ganda nito! Ito'y isang napakagandang kuwento.

150 Habang ang lahat ng ito, habang nangyayari ang lahat ng ito, si Ruth ay nagpapahinga at naghihintay kung ano ang kalalabasan. Pagkatapos bumalik si Boaz, walang makapagbigay ng patotoo laban dun. Bumalik siya at kinuha si Naomi. . .at kinuha si Ruth, ang magandang babaing taga-Moab, at sila'y ikinasal at namuhay sa pagmamay-ari na ito. Grabeng ganda na kuwento!

151 May tatlong yugto kay Ruth. Si Ruth—si Ruth, na *nagpapasya*; siya'y nagpapasya kung magdedesisyon ba siya o hindi, na bumalik sa lupang tinubuan niya (gaya mismo ng Iglesya). Si Ruth, na *naglilingkod*; noong magpunta siya para maghimalay. Si Ruth, na *nagpapahinga*; 'yan ang ginagawa ngayon ni Ruth (ang Iglesya). Ngayon si Ruth, na *nagantimpalaan*; ngayon diyan, o, ang kasunod na bagay na mangyayari (ay ang gantimpala ng Iglesya).

152 Ngayon, di na natin. . .Wala akong oras, dahil may gawain pa kayo ng pagbabautismo at sangkapat na oras na matapos ang alas onse. Pero baka ituloy natin ito sa susunod na Linggo o sa ibang Linggo sa hinaharap, loobin ng Panginoon. At nais kong tumugaygay dito, para ipakita itong pitong sungay at pitong mata, at doon sa pitong tatak mismo, pitong ministeryo, pitong anghel ng iglesya, pitong bituwin, pi-. . .Oh, 'yung ilan na 'yun. . .

153 At heto rito ang nagbibigkis sa buong bagay. Siyanga, po. "Kailangan karapat-dapat," kaya si Jesus ay karapat-dapat. Sa Kanyang pagbabalik ay ganap nating ikagagalak ang lahat na kapuspusan ng mga pagpapalang katubusan. Mamanahin ng mga maamo ang lupa. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay magbabalik: mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. At ang ganap na pag-unday ng Milenyum ay magsisimula. Kay gandang bagay talaga!

154 At ang malakas na Anghel na may malakas na tinig, na nagpapahayag, "Sino ang karapat-dapat? Sino ang may kakayahan na gawin ito?"

155 At pagkatapos sabi ng matanda, "Huwag kang umiyak, sapagkat ang Leon ng angkan ni Juda, Siya ay karapat-dapat at Siya'y nagtagumpay."

156 "At kinuha Niya ang Aklat at binuksan ang Aklat at inalis ang mga selyo nun." Hindi niya sinabi kung anong nangyari sa mga 'yun. Kapag sumapit na tayo dun sa pitong tatak na bubuksan sa tugaygay ng Biblia, masdan n'yo kung anong nangyari. Doon sa pitong-tatak na Aklat na ito na papasok na tayo ngayon, naroon ang buong hiwaga ng lahat ng mga pagpapalang katubusan ng Diyos. Alalahanin n'yo, Siya ang Cordero, Siya ang tanging Isa na 'yun na tumubos nito. At, alalahanin n'yo, ito'y natatatakan sa likod na bahagi ng Aklat, hindi nakasulat sa loob. Natatatakan ang likod, at hindi ito

nakasulat sa loob. At Siya ang nag-Iisa na may kakayahan na buksan ang Aklat o ihayag ang Aklat o ihayag ang mga tatak, ang tanging Isa na may kakayahan na gawin 'yun.

157 Mangyari nga na isa itong bagay, na pagbabangayan ng ilan kung tungkol saan ito, kung ano ba ito, pero Siya lang ang nag-Iisa na makalangit na makapagpapaliwanag Nito. Pero sa likod nito rito ay walang makakagawa. Nakasalalay sa Kanya at sa Kanya lamang, at Siya ang nag-Iisa na makapaghahayag ng pitong hiwaga. At masdan n'yo kung papaanong ang bawat munting bahagi nun ay ukol sa pagtutubos, kung paanong ang Iglesya ay tinubos at ano ang nagtutubos.

158 Oh, ibigin mismo natin Siya nang buong puso natin, gawin ang lahat ng magagawa natin.

159 May isang manunulat na sumusulat ng isang kuwento. (Bago lamang ako magtapos at ibalik ang gawain kay Kapatid na Neville.) Kinagigiliwan n'yo ba ang Apocalipsis? Oh, gustung-gusto ko talaga ito. May tatlong talata na lang tayo sa umagang ito, pero itutuloy natin sa susunod. Pansinin. Tayo'y . . .

160 May isang manunulat na sumusulat ng isang aklat tungkol sa isang kabataang babae na nagsisikap na hanapin ang Diyos.

161 At napakaraming beses na hinahanap natin ang Diyos at naghahanap sa Diyos, at kung ang Diyos ay sadyang nasa lahat ng dako at kayo . . . Na may dakila't malaking ano Siya roon . . . Buweno, kung may dakila't malaking trono Siya sa itaas dito sa kung saang dako, ang lahat ay maniniwala mismo sa Diyos. Kung ang Diyos ay may isang malaking trono rito sa kung saang dako; may magsasabi, "Nakaupo Siya rito sa isang siyudad at heto Siya. Ito ang Diyos at lumapit kayo sa Kanya. Magagawa nga Niya" [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] "na ipaging *ganoon* 'yun," aba, ang lahat nga'y maniniwala sa Kanya. Mababalewala ang pananampalataya kung ganoon. Hindi na pala natin kailangan ng anumang pananampalataya kung ganoon, kita n'yo, dahil 'yun na 'yun. Sa Milenyum 'yan, pero ngayon tinatawag Niya at sinisikap na hanapin ang mga . . . Mukha itong mahiwaga't madilim, at, hindi n'yo alam kung paano ang gagawin dito. Pero sa pamamagitan ng pananampalataya ay sinasampalatayanan natin Ito! Nananampalataya tayo. Yan ang dahilan kung bakit ganito. Nauunawaan mo ba, Kapatid na Elmer? Kita n'yo? Na . . .

162 Ngayon, kung ang Diyos ay nakaupo sa isang trono. At may magsasabi, "Aba, heto Siya . . . naroon Siya . . . heto ang Diyos. Nakatira Siya sa isang partikular na lugar, magpupunta tayo roon." At magsasabi, "Minamahal na Ginoo, Diyos, gagawin mo ba ang ganito?"

"Oo, gagawin Ko." "Psst!" At mangyayari, kita n'yo. "Buweno, tunay nga, ang Diyos ito. Kita n'yo? Siyanga't,

nakikita natin 'yun." Kapag ganyan ay di na kailangan ng... mababalewala ang pananampalataya. Hindi na kailangan ang pananampalataya kung positibo ka na.

163 Ano kaya kung ang bawat tao sa mundong ito ay isang Cristiano? Ano kaya kung ang lahat ay isang—isang Cristiano na puspos ng Espiritu? Aba, hindi na natin kailangan ng pananampalataya, di na kailangan ng pananampalataya kung ganoon. At ang pananampalataya ang mismong—ang mismong bagay na tayo'y naligtas, sa pananampalataya nga. At 'yan ang dahilan kung bakit kailangan ng di pagsang-ayon Dito, para magamit natin ang pananampalataya. Nauunawaan n'yo ba ito ngayon? Kailangan din 'yung kabilang kampo. Kita n'yo? Kailangan may masamang babae para ang isa na tunay ay makitang nakatayo sa tama. Kita n'yo? Kailangan may kasinungalingan para ipaging positibo ang Katotohanan at papagliwanagin Ito nang husto. Kung ang lahat ay Katotohanan, Ito'y magiging masyadong pangkaraniwan, kita n'yo. Kita n'yo? Pero, kita n'yo, isang bagay ito na maharlika, isang bagay na realidad, kapag ang Pananampalataya at pananampalataya at iba pa. Ngayon, hayan tayo.

164 Ngayon, kailangan natin nitong pabor at kontra. Ganoon talaga ito. Kailangan makaranas ka ng mabubuting araw para malugod ka...o masasamang araw para malugod ka sa mabuti. Kailangan makaranas ka ng kaunting sakit para malugod ka sa mabuting kalusugan. Kita n'yo? At kailangan maranasan mo ang mga lambak mo para malugod ka sa taluktok ng bundok. At kaya naman isa sa mga araw na ito ay magiging taluktok ng bundok na ang lahat, magiging kalusugan na ang lahat, magiging sa Diyos na ang lahat, magiging kagalakan ang lahat, sadyang... panay—panay kagalakan na di-natatapos. Pero hanggang sa dumating ang oras na 'yan, kita n'yo, kailangan mayroon kayo nitong mabuti at masama.

165 Ngayon, ang lahat ng nakakaunawa magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

166 Ikinukuwento nung kabataang babae na sinisikap niyang hanapin ang Diyos saanmang dako siya magpunta. Nagpupunta siya sa *ganitong* iglesya at *ganoong* iglesya, at sa kung saan-saan pa, pero hindi niya Ito masumpungan. At noong makita niya, habang naglalakad sa kalsada, naroon ang munting Lalaki na naglalakad sa kalsada, munting Lalaki, at may malaking katedral na dala-dala Niya sa kanyang likod. Naglalakad siya sa daan. At sabi niya, "Oh, mabuting Lalaki!" Sabi nung babae, "Naku, mainam 'yung ginagawa Mo na 'yan," sabi, "pero Iyong—Iyong—Iyong binubuhat ang buong 'yan sa likod Mo," sabi nung babae, "haya't, madadaganan Ka n'yan."

Sabi nung Lalaki, "Hindi Ako nito madadaganan," sabi, "dahil Ako ang Bato na pinagtayuan nito." Yun Siya.

Manalangin tayo:

167 Oh Bato ng Mga Kapanahunan, nagagalak po ako na nakasakay ako roon sa katedral, na nalalaman na kami'y nagpapahinga sa ibabaw ng Bato. Oh, sabi Niya, ang Bato, "Hindi na lang basta papel." At habang ang Bato ay nagsisimulang umusad nang mabilis kasama ito, ang magagandang kampana ay bumabatingaw sa loob. Oh Bato ng Mga Kapanahunan, Iyo pong ikubli kami sa Iyong mga kahabagan. Iyo pong pasanin kami sa daan at daloy ng buhay na ang aming mga puso'y mapuno ng kagalakan at kumikililing na mga papuri para sa Iyo sa daan.

168 Pinasasalamatan Ka namin dahil sa pagdalaw na ito ng Espiritu Santo sa Salita sa umagang ito, sa pagpasok Nito at ipinagiging realidad ang Salita sa amin. Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkukulang at lahat ng mga nagawa namin o nasabi na mali, patawarin Mo po kami dahil dito. Iyo pong tulungan kami na maging mas mabubuting Cristiano, Diyos Ama. Dalangin namin na ang Iyong mga kahabagan ay maglumagi sa amin.

169 Hinihiling ko po, Panginoon, kung ito'y kalooban Mo, na kami'y makabalik uli nang malapit na at—at tapusin ang mga kabanata na ito at talakayin itong mga pitong tatak. Aming—aming inaasam ang oras na 'yan, Panginoon, na panahon na Iyo—Iyong—Iyong ipahihintulot na magawa namin 'yan. At, Ama, dito sa sarili naming munting iglesya ay dalangin namin na Iyong ipagkaloob ito sa amin, nang sa gayon ay maunawaan namin ang mga dakilang bagay na ito ng Diyos. Hindi dahil sa nararapat kami rito, Panginoon, kundi ang aming nagugutom na puso ay nagdurugo para rito. Dalangin namin na Iyo pong ipagkakaloob ito.

170 Idinadalangin namin ang aming Kapatid na Neville, Panginoon, ang aming tapat na isinugo-ng-Diyos na pastor. Idinadalangin namin siya na Iyong tutulungan siya at pagpapalain siya, siya at ang kanyang munting kalugud-lugod na asawa, munting kalugud-lugod na katuwang, at kanyang munting mga anak.

171 Ipinapanalangin namin ang lahat ng mga katiwala at mga diyakono at lahat ng dumadalo sa simbahang ito. Hindi lang para sa amin, kundi para sa iba at sa lahat na tumatawag sa Iyong Pangalan. Ipinapanalangin ko ang aking mga kaibigan na nanggaling pa sa ibang dako ng bansa, na halos hininga lang ng pasabi ay nakapunta sila. Ama, akin—akin pong pinasasalamatan Ka para rito.

172 Dalangin ko na Iyong pabilisan ang araw na kapag si Jesus ay dumating at kami'y magkakatipong lahat na sama-sama kung saan wala nang araw o gabi, wala na ring oras, na lalakip na patungo sa Walang Hanggan at kung saan lahat kami'y

magkakasama nang magpakailanman. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

173 At kung may ilan dito sa umagang ito, Panginoon, na hindi Ka pa nakikilala bilang kanilang Tagapagligtas, nawa'y magkanais sila na makilala ang Cordero na ito na Siyang humahawak sa pitong-tatak na hiwagang Aklat sa Kanyang Kamay. Diyos, nawa'y mapagkilala kami sa Kanya nang sa gayon sa hinaharap kapag makikita namin ang mga tatak na 'yun na mabuksan ay makita namin ang bagay na ipinapangusap ng Diyos sa amin. Amin pong hinihiling ito para sa kaluwalhatian ng Diyos, sa Pangalan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo.

At habang nakayuko pa ang ating mga ulo:

174 Mayroon ba rito na nais magsabi, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, habang nananalangin ka, at haya't nagnanais ako na maalaala sa panalangin"? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. At pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw. Oo. Maging mabuti sa iyo ang Diyos. Oo. Marahil mga dalawang dosenang mga kamay, o higit pa, ang nakataas.

175 Oh Panginoon, Iyo pong nakikita ang kanilang mga kamay, nakikita Mo ang kanilang mithi. Talos Mo ang nasa kanilang puso, ako po'y hindi. Dalangin ko na Iyong ihahayag sa kanila, Panginoon, ang Iyong kabutihan at Iyong habag. Iyo pong bigyan sila ng kapatawaran sa anumang bagay. Kung ito ma'y karamdaman, Panginoon, Iyo pong pagalingin ang kanilang mga katawan at paigihin sila. Iyo pong gawin Ama, habang ang pahid ng Espiritu Santo ay nasa pagtitipon, nasa kongregasyon pa sa ngayon. Nawa ang dakilang Diyos ng Langit ay magpahid mismo na Kanyang pagpapalain ang lahat sa Makalangit na Presensya, na sa pag-alis namin mula rito sa umagang ito, ay masasabi namin, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-aalab sa loob natin?" Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

176 Ngayon, ako'y nanghihina na't pagod na, paos na ang boses ko, at akin—akin lamang idinadalangin, Diyos, ang kalakasan ko. Tutulungan Mo po ba ako? Palalakasin Mo po ba ako? Tatapalan Mo ang munting sugat na 'yun, Panginoon. Ibubunsod Mo po ba? Iyo pong itulot ang Banal na Langis ng Diyos na umagos dun, at umagos sa bawat ibang sugat, Panginoon, sa lahat ng dako sa lahat ng tao. Nais naming mabuhay, Panginoon, para sa Iyong karangalan at Iyong kaluwalhatian. Iyo pong ipagkaloob ito. At pagalingin Mo po ang lahat na may sakit at nagdadalamhati. At—at kunin ang kaluwalhatian sa Iyong Sarili, Panginoon, dahil napagtatanto namin na hindi na magtatagal at kami'y. . .hindi na kami makapagdadaos ng mga pagtitipon na ito; mawawala na ang mga ito, magiging nakaraan na.

177 Ngayon, Ama, Ikaw ay magpala, ngayon, lahat kami'y sama-samang humihiling sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

178 At pagkatapos, Ama, nais din naming hingin sa Iyo na alalahanin sila na magpapabautismo sa umagang ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong pagkakalooban sila ng bautismo ng Espiritu Santo, na dakilang kaluwalhatian at karangalan. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Aming itinatagubilin ang lahat ng ito sa Iyo ngayon.

179 At, Ama, sa lahat ng ito, aking inilalakip din ang sarili ko. Huwag Mo po akong kaligtaan, Panginoon, Iyo pong tulungan mismo ako ngayon. Aking idinadalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

*Apocalipsis, Ikalimang Kabanata Bahagi I* TAG61-0611
(Revelation, Chapter Five Part I)
Serye ng Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 11, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org